
# Pitong Mga Hakbang Ayon sa Biblia Tungo sa Iyong Kaligtasan

## Hakbang #1: PANANAMPALATAYA

" Kung walang ***pananampalataya***, hindi tayo kalulugdan ng Dios, pagkat ang sinumang lumalapit sa kanya ay ***dapat maniwala***..." (Hebreo 11:6).

Kailangang sampalatayanan mo si Jesus ayon sa pagtuturo ng Biblia. Siya ay Dios na nagkatawang tao (I Tim. 3:16) at hindi ang ikalawang persona sa Trinidad. Si Jesus ang Una (hindi ikalawa) at Siya rin ang Huli, Siya ang Alpa at Omega (Apoc. 1:8, 17). Sampalatayanan mo na ang Dios ay iisa lamang at walang tatlong persona sa pagka-Dios. Sampalatayanan mo na ang Dios ay naparito sa lupa upang tayo'y iligtas sa mga kasalanan at ito'y naganap sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang-tao upang Siya mismo ang mag-alay ng sakdal na dugo para sa ating mga kasalanan (Gawa 20:28).





## Hakbang #2: PAGSISISI

"Kaya ***magsisi na kayo ngayon*** at magbalik-loob sa Dios. Sa gayon papawiin niya ang inyong mga kasalanan..." (Gawa 3:19).

"***Talikdan ninyong lahat ang inyong mga kasalanan*** at kumuha kayo ng bagong puso..." (Ezekiel 18:31).

Ang Pagsisisi ang unang tugon sa salita ng Dios na iyong sinampalatayanan. Ang Pagsisisi ay pagbabago ng pag-iisip patungo sa Dios at palayo sa kasalanan. Ito ay pakikiisa sa kamatayan ni Cristo sa krus ng Calbaryo sa pamamagitan ng pagtatalaga sa sarili bilang patay na upang di na makagawa pa ng kasalanan.



## Hakbang #3: BAUTISMO

"Ang sinumang sumampalataya at ***mabautismuhan*** ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay hahatulan" (Marcos 16:16). "Sumagot si Pedro, Magsisi kayo at ***magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo*** para patawarin kayo sa mga kasalanan..." (Gawa 2:38).



Ang katagang "bautismo" ay nagmula sa wikang Griego na "baptizo" na ang kahulugan ay ilibing, ilubog, o tabunan. Isinagawa ng mga Cristiano noong unang siglo ang pagbabautismo sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig ng sinumang tumatanggap nito, at binabanggit ng nagsasagawa ng bautismo ang pangalan in Jesu-Cristo.







## Hakbang #4: PAGTANGGAP SA ESPIRITU SANTO

"Nang dumating ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay sama-sama sa isang lugar. Napuspos sila ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't -ibang wika, ayon sa kaloob sa kanila ng Espiritu" (Gawa 2:1,4).






## Hakbang #5: PAGPAPAKABANAL

"...linisin natin ang ating sarili sa lahat ng bagay na makapagpaparumi sa ating katawan at espiritu. Mamuhay tayo sa kabanalan at pagkatakot sa Dios" (2 Corinto 7:1).

"Sikapin ninyong makapamuhay na... may kabanalan; pagkat kung walang kabanalan ay di makikita ang Panginoon" (Hebreo 12:14).





## Hakbang #6: PAGDALO SA MGA PAGSAMBA

"Huwag nating pabayaan ang ating pagkakatipon, tulad ng ginagawa ng iba, kundi palakasin ang loob ng isa't-isa; lalo na ngayong nakikita na nating dumarating na ang araw" (Hebreo 10:25).

**Hakbang #7: PAGTITIIS**

"...siyang makapagtiis hanggang sa wakas ay maliligtas" (Mateo 10:22).

"Magpigil kayo sa sarili at maging handa. Ang diyablo na inyong kaaway ay aali-aligid at umaatungal na parang leon at humahanap ng masisila" (1 Pedro 5:8).



http://www.sayadi-al-nas.com

